


Kentaikyo

Balangkas
ng Sistemang
Kentaikyo



けんたいきょう

Patnubay sa Sistemang Kentaikyo

Ang sistemang ito ay sistema ng retirement allowance na nilikha ng pamahalaan ng Japan alinsunod sa Batas sa Mutual Aid ng Retirement Allowance sa Maliliit na Negosyo (Smaller Enterprise Retirement Allowance Mutual Aid Law) para sa mga taong nagtatrabaho sa lugar ng konstruksiyon.

Ang mga tagapag-employo ay mag-uukol ng kontribusyon ayon sa bilang ng araw na nagtrabaho sa Notebook ng Mutual Aid ng mga taong nagtatrabaho sa lugar ng konstruksiyon, at kapag huminto sa pagtatrabaho sa industriya ng konstruksiyon ang manggagawang iyon, babayaran siya ng retirement allowance mula sa Kentaikyo; masasabing sistema ito ng retirement allowance para sa buong industriya.

1

Ganap na ligtas at madali lang

Ang retirement allowance ay kinakalkula at tiyak na binabayaran alinsunod sa mga pamantayang itinakda ng pamahalaan ng Japan. Ang mga proseso ay napakadali lang.

2

Ang retirement allowance ay kinakalkula sa kabuuan para sa lahat ng kompanyang pinagtrabahuhan

Kahit na magbago ang kompanya kung saan nagtatrabaho, ang lahat ng panahon sa bawat kompanya ay kakalkulahin sa kabuuan para sa retirement allowance.

3

Ipapalibre ang bahagi ng kontribusyon

Sa mga bagong subscribe na manggagawa (benepisyado sa Mutual Aid), ang pamahalaan ng Japan ay magbibigay ng pinansiyal na tulong para sa bahagi ng kontribusyon (para sa 50-araw sa unang Notebook ng Mutual Aid).

4

Ang mga kontribusyon ay tinatrato bilang deductible na gastos

Ang buong halaga ng babayaranang kontribusyon ng tagapag-employo ay maaaring isama sa pagkalkula bilang deductible na gastos kung ingkorporadong kompanya (Artikulo 135, Seksyon 1 ng Order para sa Pagpapatupad ng Batas sa Buwis sa Korporasyon), at bilang kinakailangang gastos kung indibidwal na negosyo (Artikulo 64, Sugnay 2 ng Order para sa Pagpapatupad ng Batas sa Buwis sa Kita). Ang kontribusyon ng subcontractor na pinasan ng pangunahing contractor sa pamamagitan ng pagbibigay ng aktuwal na Selyo ng Sertipikasyon sa Mutual Aid at Retirement Allowance Point ay maaari ring isama sa pagkalkula sa cost ng konstruksiyon.

5


Karagdagang puntos sa screening ng mga transaksyong pangnegosyo

Kung nag-susubscribe sa sistema at ipinapatupad ito, makakatanggap ng karagdagang puntos sa ebalwasyon, sa screening ng mga transaksyong pangnegosyo para sa paglahok sa bidding sa pampublikong proyekto ng konstruksiyon.

6

Maaaring gawin ang proseso sa elektronikong aplikasyon

Ang kontribusyon ay maaari ring elektronikong bayaran gamit ang internet. Sa ganitong paraan, ang tagapag-employo ay hindi na kailangang bumili, magdikit ng Selyo ng Sertipikasyon sa Mutual Aid, maglagay ng tatak dito, at mangasiwa sa aktuwal na Selyo ng Sertipikasyon sa Mutual Aid. At dahil ang mga manggagawa ay maaaring magkumpirma kung kailan, at saang tagapag-employo nabayaran ang kontribusyon, makakamit ang transparency o paglilinao ng aktuwal na kalagayan ng pagbabayad ng kontribusyon.



Pagpaskil ng Marka (Sticker) ng Pag-subscribe

Kung tumanggap ng order para sa konstruksiyon mula sa kliyente, ipaskil ang sticker sa lugar kung saan madali itong makita sa pasukan/labasan ng tanggapan ng lugar ng konstruksiyon at ng mismong lugar ng konstruksiyon. Makakakuha ng sticker sa sangay ng Kentaikyo.

建退共適用工事

現場で働く方は、雇用主が建退共に参加していれば、退職金を受け取ることができます。

氏名	住所
大田 正太郎	東京都港区
大田 正太郎	東京都港区

何卒の方へ
退職金は、毎月給料月額が12月(21日)まで1の月と標準12月以上になって、
建退共の加入者として加入していることが条件です。加入者が退職金を受け取ります。
退職金の受取は、建退共の加入者として加入していることが条件です。加入者が退職金を受け取ります。
建退共の加入者として加入していることが条件です。加入者が退職金を受け取ります。

建退共事業本部
〒170-0005 東京都豊島区池田 1-2-1 コスモビルディング 602号 (03) 31-11-0001

Mula sa pag-subscribe hanggang sa pagtanggap ng retirement allowance — Pamamaraan ng Sistemang Kentaikyo

Step 1

Taong Maaaring Pumasok sa Kontrata, Taong Maaaring Mag-subscribe

Anong mga tagapag-empleyo ang maaaring pumasok sa kontrata?

Ang mga taong nagpapatakbo ng negosyo sa industriya ng konstruksiyon ay maaaring pumasok sa kontrata na hindi alintana kung pangkalahatang kompanya ng konstruksiyon, espesyalistang contractor, tagagawa ng installation work, pangunahing contractor o subcontractor, kahit sila ay gumagawa ng konstruksiyon lamang o gumagawa rin ng ibang negosyo, at hindi alintana kung lisensiyado sila o hindi.



Mga empleyadong maaaring mag-subscribe

Ang sinumang manggagawang nagtatrabaho sa lugar ng konstruksiyon ay maaaring mag-subscribe na hindi alintana kung ano ang kanilang nasyonalidad, anong trabaho ang ginagawa nila tulad ng karpintero, plasterer, scaffolder, construction worker, elektrisyan, tubero, pintor, operator ng makina, klerk sa lugar ng konstruksiyon atbp., at hindi alintana kung arawan o buwanan ang pagsuweldo. Gayumpaman, tandaan na ang mga taong tumatanggap ng suweldo bilang ehekutibo, at empleyadong nakatuon sa office work sa punong tanggapan o iba pang tanggapan, o naka-subscribe sa Sistema ng Mutual Aid ng Retirement Allowance sa Sake Brewer (Sake Brewer Retirement Allowance Mutual Aid System), o Sistema ng Mutual Aid ng Retirement Allowance sa Industriya ng Panggugubat (Forestry Retirement Allowance Mutual Aid System) batay sa Batas sa Mutual Aid ng Retirement Allowance sa Maliliit na Negosyo ay hindi maaaring mag-subscribe.

— Ang mga freelance na master craftsman ay maari ring mag-subscribe sa pamamagitan ng boluntaryong asosasyon —

Kung ang mga freelance na master craftsman (kabilang ang mga craftsman at apprentice na nag-aaral ng mga kasanayan sa ilalim nila) ay magsasama-sama upang bumuo ng boluntaryong asosasyon at ang mga artikulo ng kasunduan at mga kasanayan nito ay sertipikado ng Organisasyon, ang boluntaryong asosasyong iyon ay ituturing na tagapag-empleyo, ang bawat indibidwal na freelance na master craftsman ay ituturing bilang manggagawang inempleyo ng boluntaryong asosasyon na tagapag-empleyong iyon, at sila ay maaaring mag-subscribe sa sistema.

Step 2

Paraan ng Pag-subscribe

Punan ang lahat ng mga kinakailangang detalye sa "Form ng aplikasyon para sa Kontrata ng Mutual Aid" at "Form ng aplikasyon para sa Notebook ng Mutual Aid", at mag-apply sa sangay ng Kentaikyo na nasa Samahan ng mga Pangkalahatang Contractor ng Japan (General Contractors Association) atbp. sa bawat prefecture.

* Walang kailangang bayad para sa proseso ng pag-subscribe.




Step 3


Pagkatapos na Mag-subscribe

Pagkatapos na mag-subscribe, bibigyan ang mga tagapag-empleyo ng "Sertipiko ng Taong Pumasok sa Kontrata para sa Mutual Aid ng Retirement Allowance sa Industriya ng Konstruksiyon", at ang mga manggagawa sa lugar ng konstruksiyon ay bibigyan ng "Notebook ng Mutual Aid ng Retirement Allowance sa Industriya ng Konstruksiyon".

Para sa Mga Tagapag-empleyo



Bukod-tanging Sertipiko ng Taong Pumasok sa Kontrata sa Mutual Aid (para sa malalaking kompanya)




Sertipiko ng Taong Pumasok sa Kontrata sa Mutual Aid (para sa maliliit na negosyo)

Para sa Mga Manggagawa sa Lugar ng Konstruksiyon



Unang Notebook ng Mutual Aid (may tulong para sa kontribusyon)



Pangalawa at Kasunod na Notebook ng Mutual Aid

Step 4

Para Matanggap ang Retirement Allowance

Ang retirement allowance ay maaaring matanggap kapag ang manggagawa (benepisyado sa Mutual Aid) ay hindi na nagtatrabaho sa industriya ng konstruksiyon, at ang total ng mga Selyo sa Sertipikasyon ng Mutual Aid na natapos idikit sa Notebook ng Mutual Aid at bilang ng araw na nagbayad ng kontribusyon sa pamamagitan ng elektronikong aplikasyon ay 12 buwan (kakalkulahin bilang 1 buwan ang para sa 21 araw) o higit pa. Ang retirement allowance ay direktang ibabayad sa personal na savings account ng claimant kapag nag-claim ang manggagawa (benepisyado sa Mutual Aid) o ang naiwang pamilya kung namatay ang manggagawa.

(Kung bago ng Marso 31, 2016 ang petsa na nagkaroon ng kadahilanan sa pag-claim, kailangan ng 24 buwan o higit pang bilang ng buwan na nagbayad ng kontribusyon.)

Para Mag-claim

Punan ang lahat ng mga kinakailangang detalye sa form ng pag-claim ng retirement allowance, at isumite ito sa sangay ng Kentaikyo na nasa Samahan ng mga Pangkalahatang Contractor ng Japan (General Contractors Association) atbp. sa bawat prefecture, kasama ng inyong Notebook ng Mutual Aid, Sertipiko ng Residente, mga dokumento ng deklarasyon kaugnay sa pagtanggap ng income sa pagretiro, Individual Number (My Number) at dokumento para sa pagkumpirma ng identidad.

Paraan ng Pagtanggap

Karaniwan, ang retirement allowance ay babayaran sa pamamagitan ng direktang pagpapadala sa personal na savings account ng claimant.


Halaga ng Retirement Allowance

Ang retirement allowance ay naayon sa ipinapakita sa tsart sa kanan, at kung maraming taon na nagtrabaho, mas malaki ang matatanggap. Ang retirement allowance kung ang bilang ng buwan na nagbayad ng kontribusyon ay 12 buwan o higit pa ngunit mas mababa sa 24 na buwan, ay magresulta sa halagang mga 30% - 50% ng halaga ng binayarang kontribusyon.


Subalit ang retirement allowance kapag namatay nang nabayaran ang para sa 12 buwan o higit pa ngunit mas mababa sa 24 na buwan, ay halagang katumbas ng kontribusyon na binayaran ng tagapag-empleyo.

Halaga ng Kentaikyo Retirement Allowance

Buwan (Taon)	Halagang Katumbas ng Kontribusyon (Yen)	Halaga ng Retirement Allowance (Yen)
12 (1 taon)	80,640	24,192
24 (2 taon)	161,280	161,280
60 (5 taon)	403,200	414,087
120 (10 taon)	806,400	893,559
180 (15 taon)	1,209,600	1,409,319
240 (20 taon)	1,612,800	1,933,479
300 (25 taon)	2,016,000	2,474,439
360 (30 taon)	2,419,200	3,038,919
420 (35 taon)	2,822,400	3,641,031
480 (40 taon)	3,225,600	4,268,007
540 (45 taon)	3,628,800	4,913,127



- (Tala)
- (1) Ang nasa simpleng talaang ito ay halaga ng retirement allowance na kinalukula mula sa kasalukuyang tinatayang kita sa investment at arawang halaga ng kontribusyon na 320 yen, at binilang bilang 1 buwan ang Selyo ng Sertipikasyon ng Mutual Aid at Retirement Allowance Point para sa 21 araw.
 - (2) Ang retirement allowance ng taong nagbabayad ng kontribusyon mula sa panahon bago maging 320 yen, ay bukod na ikakalkula ayon sa tinatayang kita sa investment para sa bawat arawang halaga ng kontribusyon.
 - (3) Ang halaga ng retirement allowance ay maaaring magpabago-bago, dahil sa muling pagsusuri ng tinatayang interes sa investment at arawang halaga ng kontribusyon nang isinasalang-alang ang mga gastusin, kita at kalagayan ng ekonomiya atbp.



Step 5

Kapag Nagretiro ang Manggagawa (Benepisyado sa Mutual Aid)

Kapag nagretiro ang manggagawa (benepisyado sa Mutual Aid), siguraduhing iabot ang Notebook ng Mutual Aid sa manggagawa (benepisyado sa Mutual Aid). Kasabay nito, ipaliwanag din na kahit ang kompanya sa industriya ng konstruksiyon ay nagbago, kung kompanyang nag-susubscribe sa sistema, maaaring ipagpatuloy ang pagbabayad ng kontribusyon para sa retirement allowance. Sa manggagawa (benepisyado sa Mutual Aid) na may kuwalipikasyon para tumanggap ng retirement allowance, sabihin na maaaring mag-claim ng retirement allowance.

Step 6

Panahon ng Pag-renew ng Notebook ng Mutual Aid

Punan ang lahat ng mga kinakailangang detalye sa "Form ng aplikasyon sa pag-renew ng notebook" o "Form ng aplikasyon sa pag-renew ng notebook (may tulong para sa kontribusyon)", ilakip ang i-renew na Mutual Aid Notebook at isumite sa sangay ng Kentaikyo na nasa Samahan ng mga Pangkalahatang Contractor ng Japan (General Contractors Association) atbp. sa bawat prefecture.

Kung natapos magdikit ng Selyo ng Sertipikasyon sa Mutual Aid para sa 250 araw

Kung natapos magdikit ng Selyo ng Sertipikasyon sa Mutual Aid para sa 250 araw (para sa 200 araw kapag unang notebook na may tulong para sa kontribusyon), isagawa ang proseso ng pag-renew.

Kung sumapit ang Susunod na Panahon ng Pag-renew

Ang "Susunod na Panahon ng Pag-renew" ay nakasulat sa harapan ng Notebook ng Mutual Aid na inisyu ng Kentaikyo mula Nobyembre 2020. Kapag ang "Susunod na Panahon ng Pag-renew" ay sumapit, kahit hindi natapos magdikit ng Selyo ng Sertipikasyon sa Mutual Aid para sa 250 araw, isagawa ang nararapat na proseso ng pag-renew.

Kung Notebook ng Mutual Aid na hindi nakasulat ang Susunod na Panahon ng Pag-renew

Kahit na hindi natapos magdikit ng Selyo ng Sertipikasyon sa Mutual Aid para sa 250 araw sa Notebook ng Mutual Aid na lumipas na ang 2 taon mula sa araw ng pagbibigay nito, isagawa ang nararapat na proseso ng pag-renew.

* Kung ginagamit ang palakad sa elektronikong aplikasyon, ang panahon ng pag-renew ay ipapaalam sa pamamagitan ng natatanging website para sa elektronikong aplikasyon.

Step 7

Pagbabayad ng Kontribusyon

Palakad sa Pagdidikit ng Selyo ng Sertipikasyon sa Mutual Aid

Pagbili ng Selyo ng Sertipikasyon sa Mutual Aid

Ang sistemang ito ay sumasaklaw sa lahat ng mga konstruksiyon na hindi alintana kung iyon ay pampubliko o pribadong proyekto. Ayon sa pangangailangan, ipakita ang Sertipiko ng Taong Pumasok sa Kontrata sa Mutual Aid sa pinakamalapit na pinansiyal na institusyon sa inyo para bumili ng Selyo ng Sertipikasyon sa Mutual Aid.

Mga Selyo ng Sertipikasyon sa Mutual Aid ng Maliliit na Negosyo



1-araw na selyo: ¥320



10-araw na selyo: ¥3,200

Mga Selyo ng Sertipikasyon sa Mutual Aid ng Malalaking Kompanya



1-araw na selyo: ¥320



10-araw na selyo: ¥3,200

Pagdidikit ng Selyo ng Sertipikasyon sa Mutual Aid


Tuwig magbabayad ng sahod sa manggagawang nasa empleyo (hindi bababa sa 1 beses sa isang buwan), kapag idinikit sa Notebook ng Mutual Aid ang mga Selyo ng Sertipikasyon sa Mutual Aid para sa bilang ng araw na nagtrabaho at nilagyan ng tatak ng tagapag-empleyo, ituturing na nakapagbayad ng kontribusyon.

Mga Mapagbibilhang Pinansiyal na Institusyon

Ang Selyo ng Sertipikasyon sa Mutual Aid ay mabibili sa mga city bank, regional bank, regional bank ii, mga partikular na shinkin bank at unyon ng kredito, atbp.



Palakad sa Elektronikong Aplikasyon



Pag-apply sa Palakad sa Elektronikong Aplikasyon

Ang "Form ng aplikasyon sa palakad sa elektronikong aplikasyon" ay kunin (i-download) mula sa Tool sa Paglikha ng Ulat ng Rekord ng Pagtatrabaho o sa website ng Kentaikyo, at isumite ito sa sangay ng Kentaikyo. Ang notipikasyon ng pagbukas ng natatanging website kung saan nakasulat ang temporaryong ID at password ay ipapadala mula sa punong tanggapan ng Kentaikyo.

* Ang palakad sa elektronikong aplikasyon ay maaaring gamitin nang walang bayad.

Pagbili ng Retirement Allowance Point

Bumili ng "Retirement Allowance Point" sa pamamagitan ng Pay-easy o bank transfer.

Pagrehistro ng File ng Rekord ng Pagtatrabaho

Irehistro ang rekord ng pagtatrabaho sa natatanging website para sa elektronikong aplikasyon.

Paglikha ng File ng Rekord ng Pagtatrabaho

Ang bilang ng araw na nagtrabaho na hindi alintana kung pampubliko o pribadong proyekto ng konstruksiyon ay i-enter sa Tool sa Paglikha ng Ulat ng Rekord ng Pagtatrabaho, para lumikha ng file ng rekord ng pagtatrabaho.

Pag-uukol ng Kontribusyon

Sa punong tanggapan ng Kentaikyo, batay sa rekord ng pagtatrabaho ng manggagawa (benepisyado sa Mutual Aid), ang retirement allowance point na antanangon binili ay iuukol (ipambabayad) sa kontribusyon.

* Ang tagapag-empleyo ang magpapasan ng buong halaga ng kontribusyon, at hindi maaaring ipapasan sa manggagawa ang kahit bahagi lang nito sa pamamagitan ng pagbabawas mula sa suweldo atbp.

事業主の皆様へ

建退共では、帰国される前に日本国内の金融機関で退職金の受取りをお願いしております。

労働者の退職日が判明いたしましたら、お早めにお手続きをお願い申し上げます。

Sa lahat ng mga tagapag-employo

Hinihiling ng Kentaikyo na sabihan ninyo ang mga manggagawa na tanggapin ang kanilang retirement allowance mula sa pinansiyal na institusyon sa Japan bago sila umuwi sa sariling bansa.

Hinihiling namin na mangyaring gawin ang proseso sa lalong madaling panahon kapag nalaman na ang petsa ng pagreretiro ng manggagawa.

Ang pagtatanong sa pamamagitan ng telepono ay tatanggapin lang sa wikang Hapon.

Listahan ng mga Numerong Makokontak sa Organisasyon

Organisasyon	20F Nissei Ikebukuro Bldg., 1-24-1 Higashi-Ikebukuro, Toshima-ku, Tokyo 170-8055 (Lunes hanggang Biyernes 09:00 hanggang 17:00)	
Seksiyon ng Pagpapalano at Koordinasyon	Lahat ng aspeto ng sistema: 03-6731-2831~2	03-6731-2895
Seksiyon ng Pangkalahatang Gawain (General Affairs Section)	Kaugnay sa Kontrata: 03-6731-2849	
	Kaugnay sa Retirement Allowance: 03-6731-2846~7	
	Kaugnay sa Pag-renew: 03-6731-2850	
	Kaugnay sa Paglipat sa Ibang Kompanya at Pagkalkula sa Kabuuan: 03-6731-2851	
Seksiyon ng Elektronikong Aplikasyon	Kaugnay sa Elektronikong Aplikasyon: 03-6791-2832	03-6731-2874
Seksiyon ng Pagtataguyod sa Proyekto	Kaugnay sa Website/PR: 03-6731-2866-7	
Seksiyon ng Survey sa Pagsasagawa (Execution Survey Section)	Kaugnay sa Iba't ibang Survey: 03-6731-2843	
Seksiyon ng Accounting	Kaugnay sa Selyo ng Sertipikasyon sa Mutual Aid: 03-6731-2871~2	

Ang Organisasyon para sa Mutual Aid ng Retirement Allowance para sa mga Manggagawa
(The Organization for Workers' Retirement Allowance Mutual Aid, Independiyenteng Administratibong Institusyon)

Punong Himpilan ng Organisasyon ng Mutual Aid ng Retirement Allowance sa Industriya ng Konstruksiyon

Kentaikyo

Hanapin



R100
古紙配合率100%再生紙を使用しています